

**KIAN**KAWASAKI  
INTERNATIONAL  
ASSOCIATION  
NEWS**KUMUSTA KAWASAKI**

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

# Palawakin ang kaalaman! Mag-aral ng Nihonggo


日本語学級

340

Ang mga klase ng Nihonggo ay nakalaan para sa mga dayuhan at balikbayang naninirahan o nagta-trabaho sa loob ng Siyudad ng Kawasaki. Ang Nihonggo Class ay naglalayong mapalawak ang kaalaman sa pang-araw-araw na pamumuhay, matutunang magbasa at magsulat, makipag-usap at makaranas ng mga kaugalian at kultura ng Hapon. Ang kurso ay magsisimula sa Abril 2008, hanggang Marso, 2009 isang buong taon. Gaganapin ang klase sa bawat tanggapang pangmamamayan (civic halls) sa inyong lugar kaya't inaanyayahan ang lahat na magtanong at magsadya para sa pagpapatala sa mga tanggapang malapit sa inyong tirahan:

|                        |          |                 |
|------------------------|----------|-----------------|
| Education Culture Hall | (教育文化会館) | 2 3 3 - 6 3 6 1 |
| Saiwai Civic Hall      | (幸市民館)   | 5 4 1 - 3 9 1 0 |
| Nakahara Civic Hall    | (中原市民館)  | 7 2 2 - 7 1 7 1 |
| Takatsu Civic Hall     | (高津市民館)  | 8 8 8 - 3 9 1 1 |
| Tama Civic Hall        | (多摩市民館)  | 9 3 5 - 3 3 3 3 |
| Asao Civic Hall        | (麻生市民館)  | 9 5 1 - 1 3 0 0 |
| Fureai Hall            | (ふれあい館)  | 2 7 6 - 4 8 0 0 |

Kawasaki International Center (国際交流センター) 4 3 5 - 7 0 0 0



# Asian Healing 2008

アジア交流音楽祭 2 0 0 8

341

Sa ika-19 ng Abril, gaganapin ang [Asian Healing 2008 , Ongaku no machi • Kawasaki Asia International Concert]

Ang Japan, Korea, China Thailand at iba pang nangungunang artist ay magtitipon tipon sa entablado ng Kawasaki. Ang mga performers sa panig ng Japan ay sina: Rimi Natsukawa, Hiromitsu Agatsuma, Aoi Teshima; sa bansang Korea ay si Woojoo, China: Jiang Xiaoqing at Ice Saranyu naman ng Thailand. Ang Tiket ay nagkakahalaga ng: S seat ¥5,800, A seat ¥4,800, B seat ¥3,800 at mabibili sa mga Play guide.

Karagdagang performance din ay gaganapin sa ika-19 (Sabado) at ika-20 (Linggo) sa Muza Kawasaki Galleria area at la Cittadella. Sa mga nasabing lugar, mapapanood ang libreng pagtatanghal ng kapwa ethnic at pop music mula sa iba't ibang parte ng Asya. May Chinese music na tutugtugin sa pipa, erhu at matouqin. Mga awit mula sa Mongolia; Indian Sitar music, mga Bali dances at ibpa.

Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa Kawasaki Thank You Call: 044-200-3939.

# Kawasaki Asian Festa

かわさきアジアフェスタ

342

Ang Kawasaki Asian Festa ay matatagpuan sa JR Kawasaki sa ika-19(Sabado) at ika-20(Linggo) ng Abril kung saan ang mga pagkain ng iba't ibang bansa mga goods atbp. Ang Asia yatai mura o mga tindahan ay matatagpuan sa tabi ng Kawasaki Shinyo Kinko Fureai Hiroba, ang Korean foods naman ay sa malapit sa La Cittadella Chuo Hiroba; ang Asia • Okinawa products ay sa Kawasaki Chikagai Azalea gaganapin. Sa magkasunod na araw na ito, may pitong entablado kung saan gaganapin ang mga sayaw ng Bali at katutubong sayaw ng Thai sa Asia Koryu Stage na matatagpuan sa Azalea Chikagai, la Cittadella at Kawasaki LeFront. Pakinggan at panoorin ang iba't ibang pagtatanghal ng mga bansa ng Asia.

Tumawag para sa katanungan sa Kawasaki Thank You Call: 044-200-3939.

## Pagbabago sa pamamaraan ng Imigrasyon


新しい入国検査手続き

Mag-uumpisa na sa ika-20 ng Nobyembre ang bagong patakaran upang makapasok sa bansang Hapon. Ang lahat ng dayuhang nagnanais pumasok sa bansa ay obligadong magbigay ng tatak ng daliri (finger print) at larawan ng mukha sa Opisyal ng Imigrasyon bago ito bigyan ng pahintulot makapasok sa bansa. Ang sinumang tatangi sa obligasyong ito ay hindi pahihintulutang pumasok sa bansa.

Gayunpaman libreng pumasok ang mga Extraordinary permanent residents, 16 taong gulang pababa, Diplomats, Opisyaes, mga imbitado ng Gobyerno at mga nasa katungkulan ayon sa kinikilala at sakop ng batas.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



### Silid —Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

#### ■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

#### ■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon

## Libreng konsultasyong pang-legal!

Iskedyul sa **Kawasaki International Center** tuwing ikatlong Linggo ng bawat buwan.

Ika-20 ng Enero,

Ika-20 ng Abril

Ika-17 ng Pebrero,

Ika-18 ng Mayo

Ika-16 ng Marso

Ika-15 ng Hunyo

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/